ATAS TAGAPAGPAGANAP BLG. 2020 - 16

NAG-AATAS SA PAGPAPATUPAD NG MANDATORY COVID-19 TESTING PARA SA MGA PERSONS DEPRIVED OF LIBERTY (PDL) BAGO PUMASOK O LUMABAS NG BILANGGUAN SA BAYAN NG MARILAO, LALAWIGAN NG BULACAN

SAPAGKAT, nagdeklara ang Pangulong Rodrigo Roa Duterte ng *"State of Public Health Emergency throughout the Philippines"* sa pamamagitan ng *Proclamation No. 922* noong Marso 8, 2020;

SAPAGKAT, kinumpirma ng Kagawaran ng Kalusugan ang pagkakaroon ng *local transmission* ng *COVID-19* sa Pilipinas, kabilang ang mga bilangguan;

SAPAGKAT, may pangangailangan na paigtingin ang mga pagsisikap sa pagtugon at pamamahala sa pag-iwas sa pagkalat ng *COVID-19* sa ating bayan;

SAPAGKAT, nag-isyu ang Kagawaran ng Interyor at Pamahalaang Lokal ng isang Memorandum noong Mayo 13, 2020 na may pamagat na *"COVID-19 Testing of Persons Deprived of Liberty Before Commitment to Jails and Prior to Release";*

NGAYON, SAMAKATWID, ako, **RICARDO M. SILVESTRE**, Punong Bayan ng Marilao, Lalawigan ng Bulacan, sa bisa ng kapangyarihang ipinagkaloob sa akin ng batas, ay nag-aatas:

SEKSYON 1. MANDATORY COVID-19 TESTING PARA SA MGA PERSONS DEPRIVED OF LIBERTY (PDL). Dito ay inaatas ang *mandatory COVID-19 testing* para sa mga *Persons Deprived of Liberty (PDL)* bago pumasok sa Kawanihan ng Pamamahala ng Bilangguan at Penolohiya o *BJMP-Marilao*, gayundin bago mapalaya mula sa nabanggit na pasilidad.

SEKSYON 2. MGA PATNUBAY BAGO ANG PAGPASOK NG PERSONS DEPRIVED OF LIBERTY (PDL) SA BJMP-MARILAO. Ang mga sumusunod na patnubay ay dapat sundin matapos ma-isyu ang isang *Order* mula sa korte para sa pagpasok ng isang PDL sa *BJMP-Marilao*:

A. Kasunod ng pagpapalabas ng isang *Commitment Order* mula sa korte para sa pagpasok ng isang PDL sa *BJMP-Marilao*, ang PDL ay dapat sumailalim sa isang *mandatory COVID-19 testing* na isasagawa ng Pambayang Tanggapan ng Kalusugan, bilang karagdagan sa mga kinakailangan o *requirements* ng *BJMP-Marilao* sa pagsusuring medikal. Ang iskedyul ng *COVID-19 test* ay batay sa napagkasunduan ng *PNP-Marilao* at ng Pambayang Tanggapan ng Kalusugan;

B. Habang ang PDL ay naghihintay para sa kanyang resulta ng *COVID-19 test*, siya ay dapat na pansamantalang makulong sa *detention cell* na itinalaga ng *PNP-Marilao*;

C. Kung ang PDL ay matatagpuang positibo sa *COVID-19*, siya ay ilalagay sa itinalagang *Quarantine Facility* sa loob ng *BJMP-Marilao* para sa paghihiwalay at paggamot;

   Pahihintulutan lamang ang PDL na ipasok sa itinalagang *detention cell* ng BJMP-Marilao matapos na magkaroon ng *clearance* mula sa Pambayang Tanggapan ng Kalusugan kapag ang PDL ay nagnegatibo na sa *COVID-19*; at

D. Kung ang PDL ay masuri na negatibo sa *COVID-19*, siya ay agarang ipapasok sa itinalagang *detention cell* ng *BJMP-Marilao*.

Atas Tagapagpaganap Blg. 2020 - 16
Nag-aatas sa Pagpapatupad ng *Mandatory COVID-19 Testing*
para sa mga *Persons Deprived of Liberty (PDL)* Bago Pumasok
o Lumabas ng Bilangguan sa Bayan ng Marilao, Lalawigan ng Bulacan

SEKSYON 3. MGA PATNUBAY KAPAG ANG PDL AY LALAYA SA BILANGGUAN NG BJMP-MARILAO. Ang mga sumusunod na patnubay ay dapat sundin matapos ma-isyu ang isang *Order* mula sa korte para sa paglaya ng isang PDL sa *BJMP-Marilao*:

A. Bago mapalaya ang isang PDL sa *BJMP-Marilao*, ang PDL ay dapat sumailalim sa isang *mandatory COVID-19 testing* na isasagawa ng Pambayang Tanggapan ng Kalusugan sa loob ng pasilidad ng *BJMP-Marilao*. Ang iskedyul ng *COVID-19 test* ay batay sa napagkasunduan ng *BJMP-Marilao* at ng Pambayang Tanggapan ng Kalusugan;

B. Kung ang PDL ay matagpuang positibo sa *COVID-19*, siya ay mailalagay sa itinalagang *Barangay Isolation Center (BIC)* ng barangay kung saan siya naninirahan, batay sa kanyang *isolation and treatment records* bago siya palayain sa komunidad;

C. Kung ang isang PDL ay hindi residente ng bayan ng Marilao ngunit nakatira sa lungsod o munisipalidad sa Luzon, siya ay dadalhin sa *Quarantine Facility* ng Lokal na Yunit ng Pamahalaan kung saan siya naninirahan, sa pakikipag-ugnayan sa mga opisyal ng nasabing LGU. Gayunpaman, kung ang isang PDL ay hindi residente ng bayan ng Marilao at hindi rin residente ng isang LGU sa Luzon, siya ay dadalhin sa *Quarantine Facility* na itinalaga ng bayan ng Marilao;

D. Kung ang PDL ay masuring negatibo sa *COVID-19*, siya ay ilalabas sa komunidad na may paunang pabatid sa Punong Barangay kung saan siya nakatira.

SEKSYON 4. PAGPAPATUPAD. Ang *BJMP-Marilao*, sa pakikipagtulungan sa PNP, DOH at Pambayang Tanggapan ng Kalusugan, ay inaatasan na ipatupad ang mga nabanggit na patnubay.

SEKSYON 5. SUGNAY NG PAGKAKAHIWALAY. Kung, sa anumang kadahilanan, ang anumang bahagi o probisyon ng Atas Tagapagpaganap na ito ay natagpuan na hindi naaayon sa Konstitusyon, ang iba pang mga bahagi o probisyon nito na hindi apektado ay magpapatuloy.

SEKSYON 6. SUGNAY NG PAGWAWALANG BISA AT PAGBABAGO. Ang lahat ng iba pang mga atas, mga patakaran, mga regulasyon o mga bahagi nito na hindi naaayon sa Atas Tagapagpaganap na ito ay pinapawalang-bisa o binabago nang naaayon.

SEKSYON 7. PAGKAKABISANG SUGNAY. Ang Atas Tagapagpaganap na ito ay magkakabisang kagyat hangga't hindi ipawalang-bisa.

NILAGDAAN sa Bayan ng Marilao, Lalawigan ng Bulacan, ngayong ika-**5** ng **Hunyo**, sa taon ng Ating Panginoon, dalawang libo dalawampu.

(SGD.) RICARDO M. SILVESTRE
Punong Bayan